MARCH 2023 ISSUE

IMUS, MAHAL KONG BAYAN

# BANAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus




## National Women's Month 2023: Inklusibong Imus para sa lahat ng kasarian

IMUS, Cavite — Sa pangunguna ng Gender and Development Unit (GAD), nakibahagi ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng Pambansang Buwan ng mga Kababaihan ngayong Marso 2023 sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga programa at aktibidad na nakasentro sa mga kababaihan.

Inumpisahan ng GAD ang buwan sa pag-anunsyo ni Ms. Shella Dy ng mga programang ilulunsad ng kanilang tanggapan para sa mga Imuseño noong Marso 6, kasabay ng pagsasagawa ng regular na flag raising ceremony tuwing Lunes.


### WOMEN'S MONTH
| Page 2 - 4
* Emergency First Aid and Disaster Preparedness Seminar
* Free Breast at Cervical Cancer Screening
* Healthcare Kits para sa Indigent Senior Citizens
* Buntis Congress
* Assistance to Differently Abled Women
* Tinig para sa Kababaihan Singer-Songwriter Contest
* Women's Trade Fair at Livelihood Skills Training
* Building a Gender-Inclusive Workplace

### VETERINARY & AGRICULTURE
| Page 5
* Imus, kaisa sa Rabies Awareness Month 2023
* Night Market Agricultural Trade Fair ng mga Magsasakang Imuseño

### SOCIAL SERVICES
| Page 6
* Sunod-sunod na Tupad Orientation, idinaos sa Imus
* Araw ng Pasasalamat at Kumustahan sa mga Bantay Kalikasan ng Imus

### FIRE PREVENTION MONTH
| Page 7
* Paalala ng pag-iingat mula sa Imus LGU

### SPORTS
| Page 8
* Imus RCD AJAA Spikerts, kampeon sa CBL Inter-town Mens Volleyball
* Inter-Barangay 1st AJAA Cup Softball Tournament, inilunsad sa Imus

## EMERGENCY FIRST AID AND DISASTER PREPAREDNESS SEMINAR FOR MOTHERS



Nakiisa ang Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office sa pagdiriwang ng International Women's Day noong Marso 8 sa pamamagitan ng pagdaos ng Emergency First Aid and Disaster Preparedness Seminar para sa mga ilaw ng tahanan ng Brgy. Bayan Luma IV.

Sa paglahok ng 30 nanay, napag-alaman nila kung paano ang tamang pagbibigay ng paunang lunas, kabilang na ang pagbibigay ng CPR, at ang mga dapat gawin upang maging ligtas ang kanilang mga pamilya sa kahit anong sakuna at kalamidad.

Nakasama rin dito sina Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Jelyn Maliksi, Kap. Natividad Aquilino, at Sangguniang Panlungsod Secretary Mary Jemeny Yulo.

## FREE BREAST AT CERVICAL CANCER SCREENING PARA SA INDIGENT WOMEN



Sa pakikipagtulungan ng Local Council of Women na pinangungunahan ni Mrs. Neri Advincula, sa Medical Center Imus, at sa Jaro Medical and Diagnostic Center, inilunsad ang libreng Breast at Cervical Cancer Screening para sa mga babaeng Imuseño na higit na nangangailangan ng tulong pangkalusugan noong Marso 16.




## HEALTHCARE KITS PARA SA INDIGENT SENIOR CITIZENS

Naghatid din ang nasabing tanggapan ng healthcare kits para sa mga indigent na lolo at lola nitong Marso 23, kung saan humigit-kumulang 700 senior citizens ang nakatanggap sa pamamagitan ng kanilang cluster presidents sa Imus Senior Citizens Association Incorporated (IMUSCAI).




## Buntis Congress: AAgapay kay Nanay para sa Kinabukasang Makulay

Katuwang ang Imus City Health Office, idinaos ang Buntis Congress: AAgapay kay Nanay para sa Kinabukasang Makulay nitong Marso 29 sa Imus Sports Complex.

Natutunan dito ng humigit-kumulang 400 buntis kung paano ang wastong pangangalaga sa kanilang kalusugan at ng kanilang mga anak habang nagbubuntis at pagkatapos nilang manganak.

Nakatanggap din ang mga nanay ng buntis kit at libreng diabetes at hepatitis B screening.

Nag-uwi naman ng gift certificates para sa pelvic ultrasound mula sa Mary Immaculate Laboratory at para sa blood chemistry testing at urinalysis mula sa Health Probe Laboratory ang masusuwerteng kalahok.

Kabilang din sa mga nakibahagi ay sina Konsehal Yen Saquilayan bilang Committee Chair on Social Services, Family, Women, Children, and Elderly at Konsehal Enzo-Asistio Ferrer bilang Committee Chair on Health.




## Assistance to Differently Abled Women

Sa pamamagitan ng mga kinatawan ng iba't ibang barangay cluster sa Imus, naipamahagi ng GAD ang humigit-kumulang 400 health at hygiene kits para sa mga Imuseñong kababaihang may kapansanan nitong Marso 30.

Ang bawat kit ay naglalaman ng shampoo, wipes, alcohol, sabon, toothpaste, toothbrush, at insect repellent lotion. Layunin ng GAD na maramdaman ng mga kababaihang may kapansanan na mayroon silang gobyernong maaasahan.




## Tinig para sa Kababaihan Singer-Songwriter Contest

Sa pag-anyaya sa sikat na mang-aawit at proud Imuseño na si Christian Bautista nitong Marso 27, itinanghal bilang Best Song ang kantang "Munting Payo" ni Aron Abad kasama si Rose Ann Barrameda sa Tinig para sa Kababaihan Singer-Songwriter Contest ng GAD.

Hinirang namang Second Placer ang komposisyon ni Jessica Therese Ferrer na "Dahil Babae Ka," habang Third Placer si Rosalinda Torres sa kaniyang awit na "Kakaibabaihan."



## WOMEN'S TRADE FAIR AT LIVELIHOOD SKILLS TRAINING

Naghandog ang City of Imus Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office ng Women's Trade Fair at libreng Livelihood Skills Training nitong Marso 30 – 31 sa The District Imus.

Itinampok sa mga naturang araw ang iba't ibang produkto ng mga kababaihang Imuseño mula sa mga pagkain hanggang sa mga tanim na halaman. Natutunan naman ng 30 kababaihang lumahok ang bead making at ang paggawa ng iba pang fashion accessories.

Nakiisa rin sa aktibidad sina Konsehal Yen Saquilayan at Konsehal Jelyn Maliksi.



## BUILDING A GENDER-INCLUSIVE WORKPLACE

Sa huling araw ng Marso, nakiisa ang Imus Local Economic Development and Investment Promotions Office sa pagsasagawa ng seminar ukol sa Building a Gender-Inclusive Workplace nitong Marso 31 na ginanap sa Imus City Government Center. Napag-usapan dito ang pagkakaroon ng pantay na pagtingin at oportunidad sa mga kababaihan pagdating sa trabaho.

Tuwing sumasapit ang buwan ng Marso, ipinagdiriwang ang Pambansang Buwan ng mga Kababaihan, sa bisa ng Proklamasyon Blg. 227 taong 1988, upang maisulong pa ang pantay-pantay na karapatan at pagtingin sa mga kababaihan sa lipunang patriyarkal.

Ngayong taon, ipinakilala ng Philippine Commission on Women ang bagong tema nito para sa susunod na limang taon na "WE for Gender Equality and Inclusive Society."

Isa itong panawagan sa muling pagpapatibay ng adbokasiya at pangako ng pag-aksyon upang masuportahan ang pag-unlad ng mga kababaihan.

Kasama ng bawat Imuseño ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, sa pagsasakatuparan ng mga programa at serbisyong mag-aangat sa buhay ng mga babaeng Imuseño.



# Imus, kaisa sa Rabies Awareness Month 2023

IMUS, Cavite — Bago pa man sumapit ang buwan ng Marso, inilunsad na ng Imus City Veterinary Services Office ang malawakang pagbabakuna kontra rabis sa mga alagang aso at pusa nitong Pebrero 28 at Marso 1, 2023 bilang pakikiisa ngayong Rabies Awareness Month.

Sa kabuuan, 1,436 na aso at pusa ang nabakunahan. 1,043 rito ang mga aso habang 393 ay mga pusa.

Ang bakuna at lunas laban sa rabis ay libreng ibinibigay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pangunguna ng Imus City Veterinary Services Office at ng Imus City Health Office.

Ayon sa pinakahuling datos na inilabas ng Department of Health (DOH), umabot na sa 55 kaso ng rabis ang naitatala sa bansa. Mas mataas ito ng walong porsyento kumpara noong Pebrero ng nagdaang taon.

Dagdag pa ng DOH, 100 porsyento ng mga kaso ngayong taon ang humantong sa kamatayan, kabilang na ang siyam na kasong naiulat sa CaLaBaRZon.

Ang sakit na rabis ay naipapasa sa mga tao sa pamamagitan ng kagat, kalmot, o pagdapo ng laway ng aso o pusa sa sugat ng isang tao. Bagama't nakamamatay ito, maaari itong maiwasan kung mabibigyan ng taunang bakuna kontra rabis ang mga aso at pusa, at mapapatingin agad sa doktor sakaling makagat, makalmot, o malagyan ng laway ang parte ng katawan na may sugat.

Batay sa Executive Order No. 84 taong 1999, kinikilala ang buwan ng Marso bilang Rabies Awareness Month. Ang tema nito ngayong taon ay "Rabies-free na pusa't aso, kaligtasan ng pamilyang Pilipino."

Layunin nitong mapigilan ang pagkalat ng rabis sa mga aso at pusa, gayundin ang maprotektahan ang mga komunidad mula rito.

# Night Market Agricultural Trade Fair ng mga Magsasakang Imuseño

IMUS CITY PLAZA — Tampok ang ani ng magsasakang Imuseño, inilunsad ng City Agriculture Services Office (CASO) ang Night Market Agricultural Trade Fair noong Marso 10, 2023, kaagapay ang City Tourism and Development Office (CTDO).

Ilan sa mga produktong itininda ay ang kamatis, upo, patola, pechay, mustasa, bawang, sibuyas, papaya, guyabano, saba, bigas, at iba't ibang halaman. Nanatili itong bukas tuwing Biyernes, Sabado, at Linggo hanggang matapos ang buwan ng Marso.

Pinangunahan ni City Administrator Hertito Monzon ang opisyal na pagbubukas ng naturang trade fair kasama si City Agriculturist Robert Marges at mga kawani ng CASO at ng CTDO.

Ang Night Market Agricultural Trade Fair ay isa sa mga programa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus upang matulungan ang mga magsasakang Imuseño na maipakilala at mahikayat pa ang publiko na tangkilikin ang kanilang mga produkto.





## SUNOD-SUNOD NA TUPAD ORIENTATION, IDINAOS SA IMUS

IMUS, Cavite — Upang maihanda ang mga manggagawang Imuseño sa kanilang pansamantalang trabaho, nagsagawa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus at ang Department of Labor and Employment (DOLE) Cavite Provincial Office ng serye ng mga oryentasyon para sa programang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) noong Marso 7, 8, at 20, 2023 sa Imus Sports Complex at sa Imus City Government Center.

Sa pamamagitan nito, nalaman ng 1,714 na benepisyaryo ang bilang ng mga araw ng kanilang trabaho, kanilang gagawin, matatanggap na sahod, at kontratang pipirmahan.

Sa loob ng 10 araw, nakatanggap ang bawat manggagawa ng Php 4,700.00, o katumbas na Php 470.00 sahod kada araw na alinsunod sa minimum wage rate na ipinapatupad sa probinsya ng Cavite.

Lubos din ang pasasalamat nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula sa paglaan ng pondo nina Sen. Pia Cayetano at Sen. Riza Hontiveros upang matulungan ang mga Imuseñong nawalan ng trabaho at walang maayos na hanapbuhay.

Matatandaan na idinaos ang unang TUPAD Orientation sa Imus para sa taong 2023, noong Pebrero 16 kaagapay ang tanggapan ni Sen. Hontiveros.

Ang TUPAD ay isang community-based amelioration program ng DOLE na nagbibigay ng pansamantalang trabaho sa displaced, underemployed, at seasonal workers.

## ARAW NG PASASALAMAT AT KUMUSTAHAN SA MGA BANTAY KALIKASAN NG IMUS

IMUS CITY GOVERNMENT CENTER — Isang salu-salo ang inihanda ng Pamahalaang Lungsod ng Imus para sa 210 eco-aides ng Bantay Kalikasan noong Marso 9, 2023, sa pangunguna ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula.

Pinagkalooban din ng cash gift ang bawat eco-aide bilang pasasalamat sa kanilang walang-kapagurang serbisyo para sa pagpapanatili ng kalinisan sa Imus.

Bukod sa pangungumusta ni Mayor AA, nangumusta rin sina Congressman Adrian Jay “AJ” Advincula, Liga ng mga Barangay President David Sapitan Jr., at Punong Barangay RR Ramirez.

Ang Bantay Kalikasan ay inilunsad ng administrasyong Advincula noong Agosto 2022 kasabay ng paghahandog ng eco carts na nagsilbing kasangga nila sa paglilinis.

Tuloy-tuloy naman ang pagsasagawa ng mga programang pangkapaligiran ng Pamahalaang Lungsod para maresolba ang suliraning kinakaharap sa basura at iba pang problemang pangkalikasan.



# Fire Prevention Month 2023: Paalala ng pag-iingat mula sa Imus LGU




IMUS, Cavite — Muling pinaalalahanan ng Bureau of Fire Protection (BFP) Imus ang publiko na “sa pag-iwas sa sunog, hindi ka nag-iisa” sa ikatlong taon bilang opisyal na tema ng Fire Prevention Month ngayong buwan ng Marso.

Sa pangunguna ni CINSP Michael D. Mesina, isinagawa ang kick-off ceremony noong Marso 1 sa pamamagitan ng isang motorcade na sinundan naman ng nationwide simultaneous blowing of horns.

Ayon sa BFP, ang pag-iwas sa sunog ay parehong responsibilidad ng BFP at ng publiko upang mapanatili ang kaligtasan mula sa mapaminsalang resulta ng sunog.

Dagdag pa ng ahensya, ang paggunita nito ay isang pagbibigay-pugay sa katapangan ng mga bumbero.

Layunin din nito na mapukaw ang kamalayan ng mga kabataang Imuseño sa pamamagitan ng pagdaos ng mga aktibidad na nagbibigay-babala sa panganib na kaakibat ng paglalaro ng apoy.

Sa pakikipagtulungan ng ahensya sa Imus City Public Library, isinalaysay ni FO1 Kenneth A. Preclaro ang kuwentong “Si Pipoy at ang Maliit na Apoy” sa Kuwentuhan na sa Plaza . . . Mga Bata, Tara na! noong Marso 1.

Nagsagawa rin ang BFP Imus ng Fire Prevention Month 2023 Art Contest, alinsunod sa opisyal na tema noong Marso 3.

Kasama ang barangay fire brigade, ginanap noong Marso 7 ang Barangay Fire Simulation Exercises, kung saan sinubok ang tibay at kaalaman ng fire volunteers pagdating sa pag-apula ng apoy. Nagpaligsahan ang mga ito sa Bucket Relay, Fire Extinguishment, at Busted Hose Replacement.

Sa naganap namang Community Relations Week 2023 mula Marso 13 – 17, iba’t ibang aktibidad tungkol sa pag-iingat at pagiging handa sa sunog ang kanilang idinaos. Kabilang na ang pakikibahagi ng BFP Imus sa BFP Cavite Provincial Mall Show sa Robinsons Imus, tampok ang mga kagamitan ng BFP sa pagresponde sa mga sunog at pagbabahagi ng fire safety tips.

Nagsagawa rin ang ahensya ng fire safety seminars at live demonstrations, fire drills, at basic rescue techniques sa mga establisiyimento, organisasyon, institusyon, at paaralan sa Lungsod hanggang matapos ang buwan ng Marso.

Binuksan naman ng BFP ang kanilang Central Fire Station at Vermosa Sub-station sa publiko noong Marso 23 at 24. Nagdaos din ito ng isang Open House sa Brgy. Bayan Luma II noong Marso 24 upang maipakita at maipaliwanag sa mga Imuseño, lalo na sa mga bata, ang kahalagahan ng pag-iingat sa anumang bagay na maaaring maging sanhi ng sunog.

Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 115-A taong 1966, kinikilala ang buwan ng Marso bilang Fire Prevention Month upang mapaalalahanan ang publiko na maging maingat sa lahat ng oras para makaiwas sa anumang sunog.

Buong suporta naman ang ibinibigay ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sapagkat hangarin ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang kaligtasan ng kaniyang mga kababayan mula sa banta ng sunog.



**IMUS RCD AJAA SPIKERS, KAMPEON SA CBL INTER-TOWN MENS VOLLEYBALL SEASON 1**

UGNAYANG LA SALLE, Dasmariñas — Tagumpay ang Imus RCD AJAA Spikers na makuha ang kampeonato noong gabi ng Marso 5, 2023 sa Game 2 ng kanilang laban kontra Dasmariñas Green Spikers sa Cavite Ballers League Inter-Town Volleyball Season 1 Championship.

Sa puntos na 28-26, 21-25, 21-25, at 22-25, ipinakita ng koponan ang galing ng mga Imuseño sa larangan ng volleyball.

Itinanghal namang Finals Most Valuable Player si Reynald David Honra, Best Outside Hitter si Ismael John Rivera, at Best Libero si Rikko Marius Marmeto.

Una nang ipinamalas ng RCD AJAA Spikers ang kanilang husay sa Game 1 ng naturang paligsahan matapos maipanalo ang tatlong magkakasunod na sets sa puntos na 21-25, 19-25, at 20-25.




**INTER-BARANGAY 1ST AJAA CUP SOFTBALL TOURNAMENT, INILUNSAD SA IMUS**

IMUS GRANDSTAND AND TRACK OVAL — Pinasinayaan nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, City Vice Mayor Homer T. Saquilayan, at Congressman Adrian Jay "AJ" Advincula ang kauna-unahang Inter-barangay AJAA Cup Softball Tournament nitong Marso 25, 2023 sa pagtutunggali ng apat na koponan mula sa iba't ibang barangay sa Imus.

Ayon kay Mayor AA, ang paglunsad ng larong softball ay may layong mapasigla muli ito at maiangat ang antas ng sports sa Lungsod ng Imus.

Binuksan ng mga koponan mula sa Malagasang First at Tanzang Luma ang naturang paligsahan, at sinundan ng laban sa pagitan ng Buhay na Tubig at Pasong Buaya Two, kung saan nakuha ng Malagasang First at ng Buhay na Tubig ang kanilang unang panalo.

Nakatakdang magtagal ang softball tournament hanggang Abril 23, 2023.

Ang softball ay isa sa mga larong bahagi ng 2023 Inter-barangay First AJAA Cup Tournament ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pangunguna ng Imus Sports Development Unit.

## EDITORIAL BOARD

**Editor-in-Chief:**
Ervin Ace H. Navarette

**Managing Editor**
Nikki Elline C. Barco

**Head Writer:**
Francesca Mandac

**Art Director:**
Elai Lardizabal
Ron Diaz

**Photo Credits:**
City Information Office
CTDO

IMUS CIO CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, Imus City Government Center,
Imus Boulevard, Malagasang I-G,
City of Imus, Cavite